8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sagutang Papel sa Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin

1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Pagkatuto sa Filipino 8**
**Kuwarter 2: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:
- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University-Manila)

Mga Tagasuri:
- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

# SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 1: Pagkilala (10 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang mga pangyayari kaugnay sa pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

______________________ 1. Ito ang batas na ipinatupad ng mga Amerikano noong 1902 na nagsasabing ang sinumang umanib sa armadong pangkat ay tatawaging bandido o tulisan at paparusahan ng kamatayan o mahabang pagkabilanggo.
______________________ 2. Sa batas na ito noong 1901, ang sinumang lumalaban sa bansang Amerika at mag-adobkasiya ng kalayaan ay papatawan ng kamatayan o mahabang pagkabilanggo
______________________ 3. Noong 1903, ang batas na ito ang nagbigay kapangyarihan sa gobyernong kolonyal upang ilipat ng lugar at bantayan ang mga mamamayang sumusuporta sa mga gerilyang Pilipino.
______________________ 4. Ito ang batas noong 1907 na nagbabawal sa mga Pilipino na gamitin at ipakita ang watawat ng Pilipinas.
______________________ 5. Siya ang pangulo ng Amerika na nagpasimula ng pananakop sa Pilipinas noong 1898.
______________________ 6. Siya ang kinikilalang huling gobernador heneral ng Espanya sa Pilipinas.
______________________ 7. Siya ang unang naging gobernador sibil ng Amerika sa Pilipinas.
______________________ 8. Siya ang unang naging gobernador militar ng Amerika sa Pilipinas.
______________________ 9. Siya ang kinikilalang pangulo ng Republikang Tagalog.
______________________ 10. Siya ang unang gurong Pilipinong tumutol sa paggamit ng English sa pagtuturo nang lumaon ay nakipaglaban at napatay noong 1935.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Brigandage Act | Reconcentration Act | Teodoro Asedillo | William H. Taft |
| Flag Law | Sedition Act | William Mc Kinley | Wesley Merritt |
| Arthur Mc Arthur | Patricio Montojo | Macario Sakay | Diego de los Rios |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sagutin ang sumusunod:

Bakit sinakop ng Amerika ang Pilipinas noong 1898?

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO


| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: Pagsusuri sa Tekstong Biswal**

**II. Layunin:** Natutukoy kung paano ginamit ng mga Amerikano ang edukasyon sa pananakop sa Pilipinas.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Suriin ang larawan at ipaliwanag ang mensahe sa sariling pangungusap.




Caricature of a white man lecturing dark-skinned children. (1899). PICRYL. https://picryl.com/media/school-begins-puck-magazine-1-25-1899-cropped-61c344.

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Paano nagamit ang edukasyon sa pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas noon? Papaano ito nagagamit sa kasalukuyan? Ipaliwanag.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3: Paghahawan ng Bokabularyo**

**II. Layunin:** Nakikilala ang kahulugan ng mga salitang nagamit sa akda

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng mga sumusunod na salita batay sa pagkakagamit sa akdang "Sa Dakong Silangan"

1. alegorya
2. lumiyag
3. marilag
4. orden
5. mithiin
6. alumana
7. suob
8. panggagahaman
9. nagkakatunggali
10. magsasanggalang

| | | | |
|---|---|---|---|
| kautusan | magtatanggol | pansin | tapat |
| layunin | naglalaban | ritwal | umibig |
| maganda | pang-aagaw | simbolismo | yaman |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Gamitin sa sariling mga pangungusap ang mga salitang binigyang kahulugan. Isulat ang sagot sa ibaba at sa likod ng sagutang papel.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 4: PAGPUPUNO (10 minuto)**

**II. Layunin:** Naiisa-isa ang mga akdang Pilipinong nasulat sa panahon ng Pananakop ng mga Amerikano.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Punan ang talahanayan ng mga akdang naisulat sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Gayahin ang pormat sa sagutang papel at sagutan.

| PAMAGAT NG AKDA | TAUHANG NAKILALA | KATANGIAN NAIBIGAN |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano-ano ang mga paksa ng akdang pampanitikan sa maagang yugto ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas?
2. Paano binago ng pananakop ng mga Amerikano ang kalagayang ng panitikan sa Pilipinas? Patunayan ang sagot.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 5: PAGPUPUNO**

**II. Layunin:** Naikukumpara ang panitikan sa panahon ng mga Kastila at panahon ng mga Amerikano.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Pagkumparahin ang pananakop ng mga Amerkano at mga Kastila sa Pilipinas. Punuan ang kahon ng angkop na kasagutan.

| | **KASTILA** | **AMERIKANO** |
|---|---|---|
| Paraan ng Pananakop | | |
| Katangian ng Panitikang Pilipino | | |
| Paksa ng mga Akda | | |
| Impluwensiya sa Panitikan | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Kung susuriin, alin ang mas matingkad na impluwensiya ang nakikita pa rin sa kasalukuyan sa mga Pilipino, impluwensiya ng mga Kastila o impluwensiya ng mga Amerikano? Pangatwiranan ang sagot.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 6: Pagkilala sa Katotohanan at Kasinungalingan**

**II. Mga Layunin:** Natutukoy impormasyon batay sa binasang akda

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Isulat sa patlang kung ang nakasaad ay Katotohanan. Kung hindi, palitan ang salita o mga salitang may salungghit ng wastong sagot.

_______________________ 1. Ang simbolisnong kinakatawan ni Haring Samuel ay ang Espanya.
_______________________ 2. Si Prinsipe Dolar ang mabuting anak ni Haring Samuel.
_______________________ 3. Si Dakila ay kasintahan ni Prinsesa Mandawa.
_______________________ 4. Ang akdang "Sa Dakong Silangan" ay naisulat noong 1928.
_______________________ 5. Ang bandilang tinutukoy na may araw at tala ay ang bandila ng Amerika.
_______________________ 6. Si Duke Demorito ay naghahangad ng paglaya ng Kaharian ni Haring Pilipo.
_______________________ 7. Sa akda, binanggit na ang ginto na bilog ay nakabubulag.
_______________________ 8. Ang matulis na kuko ng gintong dayuha'y tumarak sa dibdib ng lupang Silangan.
_______________________ 9. Ang palasyo ay kulong ng malaking lambat.
_______________________ 10. Ang dayuhang utak ay simbolismo ng kaisipang kolonyal.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sagutin ang tanong:

Sa papaanong paraan nailarawan ni Jose Corazon de Jesus ang kalagayan ng Pilipinas sa ilalim ng mga Amerikano?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 7: Pagsusuri sa mga Simbolo sa Akda**

**II. Layunin:** Napahahalagahan ang panitikan sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Ipaliwanag ang simbolismong nakapaloob sa mga sumusunod na taludtod mula sa akdang "Sa Dakong Silangan"

1. Nais na itanim doon sa Silangan
   Ang lahat ng kanyang ari at kalakal

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Mahinang lumakas, ngayo'y nangangamkam
   Langaw na dumapo sa isang kalabaw.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Mayrong bayan palang kahit sinasakal
   Ay di mo makita ang bakas ng kamay.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Bayani ng baya'y madalas malimot
   Insenso ng puri'y sa dayo ang suob

   ______________________________________________
   ______________________________________________

5. Humanga ang bayan sa di nila uri
   Ikinahihiya ang sariling lahi

6. Libo-libong aral, laksa-laksang pilak
   Paglabas sa templo'y dayuhan ang utak.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Halos kasabayin ng akdang "Sa Dakong Silangan" na nasulat ang tula rin ni Jose Corazon de Jesus na "Bayan Ko". Lagumin ang mensahe ng dakawang akda sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa walo.